DEPARTMENT OF EDUCATION - NCR
RELEASED
RECORDS SECTION NCR
SEP 11 2023
2023-9-5-9614
Digitally Signed
10:16:33 AM

Republic of the Philippines
# Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION

Advisory No. 338, s. 2023
September 7, 2023
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
This Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**'BAYBAYIN BUHAYIN SUMMIT-IKATLONG YUGTO 2023'**

Ang Baybayin Buhayin Inc., ay maglulunsad ng **'Baybayin Buhayin Summit-Ikatlong Yugto 2023'** na may temang PAGPAPANAG-ULI: "Resurfaced. Reemergence. Reinstalled" sa Nobyembre 28-30, 2023 sa Marikina Convention Center, Lungsod ng Marikina.

Sa pamamagitan nito ay mailalapit sa mga Kabataang Pilipino, mga guro, mga propesyunal at mga nakikiisa sa adhikain ng Baybayin Buhayin ang ating sariling sinaunang wikang panulat. Bukod dito, mahuhubog ang ating identidad sa pag-aaral ng pinagmulan ng Baybayin.

Inaanyayahan ang mga guro sa Filipino at Araling Panlipunan ng Elementarya at Sekundarya na dumalo sa naturang Summit. Kalakip ang Pormularyo ng Panukalang Proyekto at Daloy ng Programa.

Para sa mga katanungan, maaaring tawagan :

Jose Jaime R. Enage
09284402406/09279372842
O email: jayenage@yahoo.com

CLMD

# 9614

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE - NCR
SEP 05 2023
BY: TIME: 11:25

Ika-29 ng Agosto 2023

**DR. WILFREDO E. CABRAL, CESO III**
Director
DepEd NCR, Quezon City

Magandang Araw, Dr. Cabral!

Ang Baybayin Buhayin ay isang grupo ng mga propesyunal na may iisang hangarin lamang at iyon ay ang muling buhayin at ipakalat sa buong mundo na ang Pilipinas ay may sarili ding script writing na katulad ng mga karatig nating bansa dito sa Asya. Ang Baybayin ay siyang nagsisilbing patunay na bago pa man dumating ang mga kastila at iba pang mananakop sa ating bansa ay mayroon na tayong sariling alpabeto ngunit nang tayo ay sakupin ng mga banyaga ay siya ring nakaligtaan ng mga Pilipino ang patungkol dito dahil naipakilala na sa ating ang Roman Alphabet at ito na ang alpabetong ginamit at siyang pinag-aralan ng mga Pilipino noon. Mas lalong nahasa ng ang mga Pilipino sa paggamit ng alpabetong ito nang ipakilala sa atin ng mga Amerikano ang edukasyon.

Magandang maituturing dahil edukasyon ang ibinigay sa atin ng mga Amerikano ngunit isa rin ito sa naging dahilan kung bakit hanggang sa kasalukuyan ay lisyang pa rin ang edukasyon ng mga Pilipino at nakasandal pa rin tayo sa edukasyon ipinasak sa atin ng mga banyaga. Sa sistema ng edukasyon na mayroon sa ating bansa, hindi malayong pati ang pag-aaral ng Baybayin ay makakalimutan din ng mga kabataang Pilipino at ang pinakanakakatakot sa lahat ay lumaki silang walang alam sa ating wikang panulat na Baybayin. Dahil din sa malakas na pag-usbong ng social media sa ating bansa. Mas lalo pang nababalewala ng mga kabataan ang kasaysayan.

Kaya naman, dahil dito, ang Baybayin Buhayin Inc. ay ilulunsad ang ***"Baybayin Buhayin Summit - Ikatlong Yugto 2023" na may temang, PAGPAPANAG-ULI: "Resurfaced. Reemergence. Reinstalled" sa Nobyembre 28-30 taong 2023*** sa Marikina Convention Center, Lungsond ng Marikina. Ito ay upang mailapit sa mga kabataang Pilipino, mga guro, mga propesyunal at mga nakikiisa sa adhikain ng Baybayin Buhayin ang ating sariling sinaunang wikang panulat na Baybayin. Sa pamamagitan din nito ay mahuhubog ang ating identidad sa pag-aaral kung saan nga ba nagmula ang Baybayin at kung ano ang mga naging pag-aaral pa patungkol dito.

Kami ay nakikipag-ugnayan sa inyo sapagkat nais po naming kayong imbitahan para sa pambungad na pananalita at maikling pabati. Guyun din, ang inyong pagsuporta, pag endorso at pag anyaya sa mga Tagapamanihala ng DepEd NCR para magpadala ng mga kinatawang guro sa Filipino at Araling Panlipunan ng Elementarya at High School sa nasabing Baybayin Buhayin Summit. Kalakip nito ang Pormularyo ng Panukalang Proyekto at Daloy ng Programa. Para sa mga katanungan, maaaring tawagan ang nakapirma sa ibaba sa 09284402406/09279372842 o sa aking email, jayenage@yahoo.com.

Lubos naming pinahahalagahan ang iyong suporta sa aming adbokasiya!

Lubos na gumagalang,

**JOSE JAIME "Jay" R. ENAGE**
Punong Tagapagtaguyod
Baybayin Buhayin Inc.

**BAYBAYIN BUHAYIN INC.,**

**PORMULARYO NG PANUKALANG PROYEKTO**

## I. PANGALAN NG PROYEKTO

- **"Baybayin Buhayin Summit - Ikatlong Yugto 2023"** na may temang, *PAGPAPANAG-ULI: "Resurfaced. Reemergence. Reinstalled."*




## II. NGALAN NG MAY PANUKALA

- Baybayin Buhayin Inc.

## III. KABUUAN NG PROYEKTO

- Ang **BAYBAYIN BUHAYIN, INC.**, ang pangunahing organisasyong nagsusulong at nagtataguyod ng Baybayin sa Pilipinas, na binubuo ng mga eksperto, dalubhasa, guro, mag-aaral, musikero, at manlilikha. Nagsimula ang organisasyon taong 2010 na pinamunuan nina Rev. Jose Jaime Enage, G. John Nicolas Leyson, at G. Jaime Hernandez na naglalayong itaguyod at imulat sa kamalayan ng mga mamamayang Pilipino sa kahalagahan ng paggamit ng sariling wikang panulat.

  Ang Baybayin Buhayin ay kaisa rin sa pagsulong at pag-unlad ng kultura na pamana ng Pilipinas, sa pamamagitan ng pagpapalawak ng adbokasiya sa edukasyon ng baybayin at pagpapanukala ng mga batas na mas magpapatibay

nito. Dahil sa hindi matawarang adbokasiya ng organisasyon sa wika, nais ng Baybayin Buhayin Inc. na makaisa ang mga mag-aaral, mga guro, mga propesyunal, mga institusyon, at ang mga kapwa Filipino sa pagbuhay at pagmulat sa kamalayan ng bawat Pilipino sa pag-ibig at paggamit ng sariling wikang panulat na Baybayin. Ang Baybayin ay siyang nagsisilbing patunay na bago pa man dumating ang mga kastila at iba pang mananakop sa ating bansa ay mayroon na tayong sariling alpabeto ngunit nang tayo ay sakupin ng mga banyaga ay siya ring nakaligtaan ng mga Pilipino ang patungkol dito dahil naipakilala na sa ating ang Roman Alphabet at ito na ang alpabetong ginamit at siyang pinag-aralan ng mga Pilipino noon. Mas lalong nahasa ng ang mga Pilipino sa paggamit ng alpabetong ito nang ipakilala sa atin ng mga Amerikano ang edukasyon.

Magandang maituturing dahil edukasyon ang ibinigay sa atin ng mga Amerikano ngunit isa rin ito sa naging dahilan kung bakit hanggang sa kasalukuyan ay lisyang pa rin ang edukasyon ng mga Pilipino at nakasandal pa rin tayo sa edukasyon ipinasak sa atin ng mga banyaga. Sa sistema ng edukasyon na mayroon sa ating bansa, hindi malayong pati ang pag-aaral ng Baybayin ay makakalimutan din ng mga kabataang Pilipino at ang pinakanakakatakot sa lahat ay lumaki silang walang alam sa ating wikang panulat na Baybayin. Dahil din sa malakas na pag-usbong ng social media sa ating bansa. Mas lalo pang nababalewala ng mga kabataan ang kasaysayan.

Kaya naman, dahil dito, ang Baybayin Buhayin Inc. ay ilulunsad ang "Baybayin Buhayin Summit - Ikatlong Yugto 2023" na may temang, *PAGPAPANAG-ULI: "Resurfaced. Reemergence. Reinstalled"* sa Nobyembre 28-30 taong 2023 sa Marikina Convention Center, Lungsond ng Marikina.



## IV. LAYUNIN NG PROYEKTO

- Ito ay upang mailapit sa mga kabataang Pilipino, mga guro, mga propesyunal at mga nakikiisa sa adhikain ng Baybayin Buhayin ang ating sariling sinaunang wikang panulat na Baybayin. Sa pamamagitan din nito ay mahuhubog ang ating identidad sa pag-aaral kung saan nga ba nagmula ang Baybayin at kung ano ang mga naging pag-aaral pa patungkol dito.

**Pangunahing Layunin:**

- Ang pangunahing layunin nitong palihan at pagsasanay ay maging tulay para sa mga taong nagsasalita at sumusulat ng Wika sa pagpapahalaga sa makabuluhang epekto at kontribusyon na binubuo ng mayamang pagkakaiba-iba ng kultura sa buong mundo. Bilang karagdagan, ang kaganapan na ito itatanim sa isip ng mga kalahok ang kahalagahan ng Wika, at nakikilala ang Wika bilang pasalita at pasulat.

- Ito ay isusulong upang maipakita sa bawat Pilipino ang pagpapahalaga, pagkilala, at paggamit ng Baybayin sa araw-araw na buhay sa: paaralan, sa pamayanan, pamahalaan, o komersiyo para sa ikauunlad ng sambayanan.

**Mga Tiyak na Layunin:**

- Bigyang pansin ang kulturang natatabunan ng modernong teknolohiya ng sa gayon ay hindi tuluyang makalimutan;
- Maipakilala ang kahalagahan ng mga katutubong Wika ng Pilipinas at pagsulong sa sistematikong wikang pasulat na Baybayin, dahil isa ito sa pwedeng maging susi sa pagtuklas pa ng mas mayamang kalinangan ng bansa;
- Itaas ang kamalayan hinggil sa lumalaking pagkawala ng mga ilang wika;
- Lumikha ng mga balangkas at mga plano sa pagkilos hinggil sa peligro ng mga wika, kultura, at sistema;
- Mapatibay ang intercultural na dayalogo at kumpirmahing pambansa at pandiwang pananatili sa gitna mga tao;
- Pakilusin ang mga pinuno at kabataan na maitaguyod ang mga pangkat sa pamamagitan ng kanilang sama-samang kaalaman, pakakasundo at kooperasyon sa pagbubuklod ng mga wika.

## V. ARAW NG PAGDADAUSAN NG PROYEKTO AT DALOY NG PROGRAMA

- "Baybayin Buhayin Summit - Ikatlong Yugto 2023" na may temang, *PAGPAPANAG-ULI: "Resurfaced. Reemergence. Reinstalled"*

- Nobyembre 28-30 taong 2023 sa Marikina Convention Center, Lungsond ng Marikina.

**DALOY NG PROGRAMA**

- **To follow**

## VI. TARGET NA BENEPISYARYO

Ang proyektong inihanda ay inaasahang makapagbibigay ng benepisyo sa mga sumusunod:

- Sa mga tapagtaguyod at miyembro ng BBI sa paraang pag papalawig ng kaalaman, pag kakakilanlan bilang isang lihitimong organisasyon;
- Sa mga guro at magtuturo ng kasaysayan, kultura, at wika—bilang maging batayan nila sa pag-bibigay ng karagdagan o mas malawak at lihitimong impormasyon;
- Sa mga mag-aaral na may interes sa Kultura, Kasaysayan, at Pamana ng Pilipinas upang magbigay daan sa mga kaalaman at hinaing ng bawat isa na may malaya at matiwasay na paraan.

## VII. PAGSUSURI AT PAGMAMANMAN

➢ Ang proyekto ay susubaybayan ng mga volunteer at tagapag-ugnay ng Baybayin Buhayin. Susuriin ito sa pamamagitan ng mga Google form / Evaluation Form ng pagsusuri; na ibabahagi sa panahon ng pagpapatupad ng proyekto.






BAYBAYIN BUHAYIN

2010 2020

ISIGAW NA! ISADAWA NA! ISABUHAY NA!

BAYBAYIN BUHAYIN

2010 2020

BAYBAYIN BUHAYIN, Inc. is the premier Baybayin advocate group of the Philippines and is composed of dedicated and committed educators, designers, writers, artists, musicians, and professionals wherein Advocacy, Bill, Culture, Design, and Education (ABCDE of Baybayin) are generating dynamics in the promotion, preservation, and conservation of Philippine's culture and heritage. As an organization that was established in 2010, Baybayin Buhayin continues to awaken in the consciousness of every Filipino the passion, importance, and practice of Baybayin, as well as the recognition and representation of the other indigenous languages of the Philippines and promotes the writing system for national development.

BAYBAYIN BUHAYIN

ᜊᜌ᜔ᜊᜌᜒᜈ᜔ ᜊᜓᜑᜌᜒᜈ᜔ The BAYBAYIN BUHAYIN INC. is a non-stock, non-profit, an organization championing the preservation of our national culture and heritage, the Baybayin writing system, founded by Mr. Jose Jaime "Jay" R. Enage, proponent of the BAYBAYIN BUHAYIN movement. It is composed of committed educators, workshop and lecture experts, designers, artists and creative professionals and cultural workers who joined together for the purpose of promoting Philippine language, history and culture for national development. The organization advocate and conduct lectures, workshops, conferences and summits nationwide to preserve, promote and develop Baybay as the Philippine National Script.

BAYBAYIN BUHAYIN Workshops, Festivals, and Summits aim to create awareness on the history and importance of our own indigenous writing system, the Baybayin, and to provide a forum for stakeholders among the academe and other related agencies regarding the relevance of Baybayin and Baybayin records and artifacts for our culture and heritage, as well as for educational purposes and also a strategic component in the implementation Republic Act No. 10533 known as "Enhanced Basic Education Act of 2013 (K to 12 curriculum) and mobilization of the use of Mother Tongue Based-Multi Lingual Education (MTB-MLE).


BAYBAYIN BUHAYIN INC. also partners with individuals, groups, experts and agencies such as National Commission for Culture and the Arts (NCCA), Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), National Museum of the Philippines (NMP), National Historical Commision of the Philippines (NHCP), Department of Education (DepEd), and Academes, Legislators, Professionals including International Researchers and Baybayin Advocates and resource speakers with regards to promoting the Philippine National Script.
Below are the focus of the organization's educational drive:

- Baybayin: Historical Background
- Baybayin: Cultural Significance and Value
- Baybayin Bill: Government Laws and Legislation
- Baybayin in Education, Innovation, and the Arts

BAYBAYIN BUHAYIN mantra is:

*Isigaw na! Isagawa na! Isabuhay na! BAYBAYIN BUHAYIN!*

ᜁᜐᜒᜄᜏ᜔ ᜈ! ᜁᜐᜄᜏ ᜈ! ᜁᜐᜊᜓᜑᜌ᜔ ᜈ! ᜊᜌ᜔ᜊᜌᜒᜈ᜔ ᜊᜓᜑᜌᜒᜈ᜔!!


BAYBAYIN BUHAYIN
ANG ATING BAYBAYIN
A
E/I
O/U
Ba
Ka
Da/Ra
Ga
Ha
La
Ma
Na
Nga
Pa
Sa
Ta
Wa
Ya
Ba
Be/i
Bo/u
"B"
fb: /baybayinbuhayin
#baybayinbuhayin
@baybayinbuhayin

